Paano kung wala akong pambayad sa mga bakuna ng aking mga anak?

Ang mga bakuna ay madalas na libre para sa mga bata kapag ang mga pamilya ay walang pambayad. Tawagan ang CDC-INFO Contact Center (800) 232-4636 o ang inyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan upang malaman kung saan maaari kang pumunta para sa libre o murang bakuna. Nakasalalay rito ang kalusugan ng iyong mga anak!

At narito ang isang paguníta sa mga magulang!

Kailangan din ng mga may sapat na gulang ang mga iniksiyon! Tumawag sa inyong klinika o kagawaran ng kalusugan upang malaman kung anong mga iniksiyon ang inyong kailangan o kung kailan ang susunod ninyong mga iniksiyon. Umaasa ang inyong mga anak na mananatili kayong malusog!

Lahat ng batang 0-18 taong gulang ay nangangailangan ng bakuna para sa hepatitis B!



Ang lahat ay nangangailangan ng mga bakuna!

Kung wala kang pambayad sa mga iniksiyon o hindi alam kung saan makukuha ang mga ito, kontakin ang inyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan, o tawagan ang CDC-INFO sa (800) 232-4636.



Immunization Action Coalition
1573 Selby Avenue, Suite 234
St. Paul, MN 55104
(651) 647-9009
www.immunize.org
www.vaccineinformation.org

Ang Immunization Action Coalition (IAC) ay hinihimok kayo na gumawa at mamahagi ng mga kopya ng polyeto. Kung babaguhin ninyo ito, mangyaring ipabatid na ito ay isang pag-aangkop mula sa IAC.

www.immunize.org/catg.d/p4055-06.pdf • Item #P4055-06 Tagalog (2/08)

Translation provided by CA Dept. of Public Health, Immunization Branch

Kailangan ng lahat ng bata ang mga iniksiyon para sa hepatitis B!



maliliit na bata,



katamtaman ang laki,



at malalaking bata din!

Ano ang hepatitis B?

Ang hepatitis B ay isang malubhang sakit sa atay na dulot ng virus ng hepatitis B. Ang virus na ito ay maaaring pumasok sa daluyan ng dugo, umatake sa atay, at maging sanhi ng mabigat na karamdaman. Kung minsan, ang virus ay maaaring habambuhay na manatili sa katawan at patuloy na sumira sa atay.

Paano nagkakaroon ng hepatitis B ang mga bata?

Maraming paraan. Ang virus ng hepatitis B ay maaaring kumalat sa pamamagitan ng:

- pagdikit sa dugo o tubig sa katawan ng may ganitong sakit
- paggamit ng sepilyo, pang-ahit, pamunas, o karayom ng may ganitong sakit
- kagat ng tao
- pakikipagtalik o seks sa may ganitong sakit
- pagbutas ng tainga, pagbutas ng katawan, o paglalagay ng tato sa pamamagitan ng hindi isterilisadong kagamitan



Bakit kailangan ng lahat kong anak ang mga iniksiyon para sa hepatitis B?

Lahat ng pangunahing organisasyong medikal sa Estados Unidos ay sumasang-ayon na lahat ng batang 0-18 taong gulang ay nangangailangan ng isang serye ng mga iniksiyon laban sa hepatitis B upang maprotektahan sila sa sakit na ito. Ang mga bagong panganak na sanggol ay dapat tumanggap ng kanilang unang iniksiyon ng bakuna sa hepatitis B bago ilabas ng ospital. Kung ang iyong mga anak o mga tinedyer ay hindi nabakunahan laban sa hepatitis B noong sila ay mas bata, pabakunahan sila ngayon.

May malaking panganib ba na ang aking anak ay maimpeksyon ng virus ng hepatitis B?

Sinuman ay maaaring mahawa ng virus na ito. Gayunman, ang mga batang ipinanganak, o ang mga magulang ay ipinanganak, sa labas ng Estados Unidos kung saan ang impeksyon ng virus ng hepatitis B ay isang malubhang problema ay maaaring may malaking panganib na mahawa.

Sa ilang lugar na malubhang problema ang hepatitis B ay kabilang ang Asya, Aprika, mga Islang Pasipiko, Silangang Europa, ang dating Unyong Soviet, at ilang bahagi ng Timog Amerika. Itanong sa inyong doktor o lokal na kagawaran ng kalusugan kung may mga katanungan kayo tungkol dito.

Kung ikaw o ang iyong anak ay ipinanganak sa isang bansa kung saan ang impeksyon sa hepatitis B ay pangkaraniwan, maaaring gumawa ang iyong doktor ng mga pagsusuri ng dugo ng iyong mga anak upang malaman kung nahawa na sila ng virus. Ang pagsusuri ay maaaring gawin kasabay ng pagbisita para sa mga bakuna.



Dapat ko bang payagan ang aking mga anak na bakunahan sa paaralan?

Sa paaralan maraming bata na inaalok na ngayon ng mga bakunang tulad ng bakuna sa hepatitis B. Kung ang inyong anak ay inaalok ng bakuna sa paaralan, makakatipid kayo at ang inyong anak ng ilang paglalakbay patungo tanggapan ng doktor!

Gaano kaligtas ang bakunang ito?

Ang bakuna sa hepatitis B ay isa sa mga pinakaligtas na bakuna na makukuha. Ito ay ginagamit na sa Estados Unidos mula pa noong 1982 at naipakitang ligtas at mabisa.